

University Medical Center of Princeton
Financial Assistance Policy (Patakaran sa Tulong sa Pananalapi) – Plain Language Summary
(Buod na Ibibigay sa Madaling Maunawaang Salita) (“PLS”)

Naririto ang University Medical Center of Princeton Financial Assistance Policy (“FAP”) upang bigyan ang mga eligible na pasyente ng partially o fully-discounted na emergency o ibang medikal na kinakailangang health care services mula sa University Medical Center of Princeton (“UMCP”). Ang mga pasyenteng naghahanap ng financial assistance (tulong sa pananalapi) ay dapat mag-aplay para sa programa, na nakabuod dito.

Eligible Servies - Emergency o ibang medikal na kinakailangang health care services mula sa UMCP at na sinisingil nito. Ang FAP ay umaaplay lamang sa mga serbisyong sinisingil ng UMCP. Ang ibang mga serbisyo na hiwalay na sinisingil ng ibang providers ay maaaring hindi sakop sa ilalim ng FAP.

Eligible na mga Pasyente - Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga eligible na serbisyo at na nagsumite ng kompletong aplikasyon para sa financial assistance (“Aplikasyon”) (kabilang ang may kinalamang dokumentasyon/impormasyon) at na natiyak ng UMCP na eligible para sa financial assistance.

Paano Mag-aplay – Ang FAP at ang Aplikasyon ay maaaring kunin/kumpletohin/isumite tulad ng sumusunod:

- Sa Patient Access Services ng UMCP, malapit sa Atrium sa loob ng Centers of Care.
- Hilinging i-mail sa iyo ang mga dokumento, o maaari kang mag-iskedyul ng appointment sa isang financial counselor ng UMCP sa (609) 853-7852.
- Hilinging i-mail sa iyo ang mga dokumento, magpunta nang personal, o mag-iskedyul ng appointment: Ang UMCP Financial Counselor ay nasa One Plainsboro Road; Upang magpunta nang personal, puntahan ang Patient Access Services na nasa Atrium Center of Care, first floor.
- I-download ang mga dokumento mula sa website ng UMCP: <https://www.princetonhcs.org>.
- Ihulog sa mail ang mga kinompletong Aplikasyon (kasama ng lahat ng dokumentasyon/impormasyon na tinukoy sa Requirement List ng UMCP) sa: University Medical Center of Princeton Patient Access Services, Financial Counselor, One Plainsboro Road, Office # T1144, Plainsboro, New Jersey 08536; o dalhin nang personal sa financial counselor.

Pagtiyak kung Eligible para sa Financial Assistance - Sa pangkalahatan, ang lahat ng mga taong walang insurance ay eligible para sa financial assistance. Bukod pa rito, ang mga taong underinsured ay maaaring eligible, gamit ang isang sliding scale, kung ang gross income ng kanilang pamilya ay kasinghalaga o mas mababâ sa 300% ng Federal Poverty Guidelines (“FPG”) ng Pederal na Pamahalaan. Ang eligibility para sa financial assistance ay nangangahulugan na kapag ang mga tao ay eligible, ang kanilang natanggap na care ay covered nang buo o hindi nila babayaran ang bahagi na lumalabis sa sinisingil na “Amounts Generally Billed” (“AGB”) sa mga taong may insurance (AGB, tulad ng inilarawan sa IRC Section 501(r) ng Internal Revenue Service). Ang levels para sa financial assistance, batay lamang sa gross income ng pamilya at ng FPG, ay ang:

- Gross income ng pamilya na 0 hanggang 200% ng FPG
Buong Financial Assistance; \$0 ang sisingilin sa pasyente.
- Gross income ng pamilya na 201% hanggang 300% ng FPG
Partial Financial Assistance; ang AGB ay ang pinakamalaking halaga na sisingilin sa pasyente.

Paunawa: Mayroong ibang criteria maliban sa FPB na isasaalang-alang (ibig sabihin, availability ng cash o ibang assets na maaaring gawing cash, at buwanang net income na sumosobra kung titingnan din ang buwanang gastos sa bahay) at ang mga ito ay maaaring mauwi sa mga eksepsyon sa naunang binanggit. Kung walang inireport na gross income ng pamilya, kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano natutupad ang mga pang-araw-araw na gastos. Nirerebyu ng UMCP financial counselor ang mga isinumiteng kompletong aplikasyon, at titiyakin niya ang pagiging eligible sa financial assistance, alinsunod sa FAP ng UMCP. Hindi isasaalang-alang ang mga hindi kompletong aplikasyon, pero ang mga aplikante ay bibigyan ng paunawa at bibigyan ng pagkakataong ibigay ang mga kinakailangang nagkukulang na dokumentasyon/impormasyon.

Isinasalin ng UMCP ang FAP, Aplikasyon at PLS nito sa ibang mga wika kung saan ang pangunahing wika ng primary service area ng UMCP ay kumakatawan sa 5 % o 1,000 indibidwal, alinman ang mas

kaunti. Mayroon ding mga serbisyo sa translation o pagsasalin upang matugunan ang mga pangangailangan ng pasyente.

Para sa tulong o mga katanungan, mangyaring puntahan o tawagan: Ang UMCP Financial Counselor na nasa One Plainsboro Road; Upang magpunta nang personal, puntahan ang Patient Access Services na malapit sa Atrium sa first floor, o tawagan ang 609-853-7852, Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 AM hanggang 4:00 PM.